


Valley Transportation Authority
*Solutions that move you*

# *FACT SHEET*: **Highways**

## Ruta ng Estado o State Route (SR 152) Proyektong Koridor na Pangkalakalan

### Deskripsyon ng Proyekto

Nagtutulungan ang probinsya ng Santa Clara at San Benito sa pagpapaganda at pagpapasulong ng imprastruktura sa SR 152 Trade Corridor mula sa U.S. 101 hanggang I-5. Pinangungunahan ng Santa Clara Valley Transportation Authority (VTA) ang proyekto ng pagpapaunlad na ito sa pakikipagtulungan ng California Department of Transportation o (Caltrans).

Kasama sa proyektong ito ang muling pagsasaayos ng ng SR 152 sa pagitan ng U.S. 101 at SR 156, at ang pasilangang paakyat na kalsada para sa truck sa Pacheco Pass. Matutugunan ng pagpapasulong na ito ang pangmatagalang pangangailangan sa paglalakbay ng komersyal, commuter, at recreational traffic at ang posibleng maging matipid, ligtas, at epektibong highway system na magpapabuti sa kalidad ng pamumuhay ng lokal na mga komunidad at magpapasigla sa ekonomiya ng rehiyon.

### Mga Layunin

- Pasulungin ang pagiging madaling daanan ng Bay Area, Salinas at Central Valey
- Pasulungin ang pagiging maasahan sa mabilis na paglalakbay
- Bawasan ang trapiko
- Gawing ligtas ang paglalakbay
- Suportahan ang masiglang ekonomiya ng probinsya ng timog Santa Clara at hilagang San Benito

### Mga Resulta

- Nakompletong SR 152 bilang tuloy-tuloy na 4 na linyang pasilidad sa pagitan ng U.S. 101 at SR 156
- Natanggal ang pangrehiyong trapiko sa Gilroy at sa mga lokal na kalsada
- Nakapaglaan ng paakyat na daanan ng truck sa Pacheco Pass

### Mga Kasalukuyang Aktibidad

- Pagpapasulong ng pagpapakahulugan sa proyekto, teknikal na pag-aaral, at dokumentasyong pangkapaligiran
- Pagpapatuloy sa pagsisikap na abutin ang mamumuhan
- Paniniguro sa pagdadagdag ng pondo

### Mga Benipisyo

- Isang bagong apat na daanan na freeway sa pagitan ng SR 156 at U.S. 101, ang pagsasaayos ng kurbada at pagpapahusay sa access control ay magpapasulong sa pagiging ligtas at pagkamaaasahan sa mabilis ng paglalakbay sa pagitan ng U.S. 101 at I-5
- Ang pasilangang daang paakyat sa Pacheco Pass ay magpapabilis ng paglalakbay at pagiging ligtas sa pamamagitan ng paghihiwalay ng mga mabagal na sasakyan mula sa mga sasakyang tumatakbo sa angkop na bilis para sa freeway
- Ang paghihiwalay ng trapikong pangrehiyon mula sa trapikong panglokal sa pamamagitan ng pag-alis sa 114 direct driveway access points sa SR 152

### Pagpopondo ng Proyekto


Nakatanggap ang VTA ng $5 milyong pondo ng Estado mula sa Inter-regional Improvement Program (IIP), na tinumbasan ng $5 milyong pondo ng highway project ng VTA at nangangalap pa ng karagdagang pondo mula sa estado.

### Iskedyul ng Proyekto

| | |
|---|---|
| Natapos na Pag-aaral sa Kita at Panimulang Trapiko | Pebrero 2010 |
| Natapos na Ulat ng Sumaryo ng Pinaplanong Koridor na Pangkalakalan | September 2010 |
| Nakompletong Ulat sa Pag-aaral ng Proyekto | April 2015 |
| Kompletong mga Dokumento na Pangkapaligiran | Nakabinbing Pagpopondo |
| Disenyo at Konstruksyon | Nakabinbing Pagpopondo |

*Pagpapatuloy*

# Ruta ng Estado o State Route (SR 152) Proyektong Koridor na Pangkalakalan




## Paano Makikipag-ugnayan sa Amin

Para sa higit pang impormasyon sa proyektong ito, mangyaring tawagan ang linyang toll free para sa Community Outreach ng VTA na (855) 880-6981, TTY para sa may kapansanan sa pandinig (855) 880-6982. Maaari mo rin kaming bisitahin sa web sa *www.vta.org/SR152*, o mag-email sa *community.outreach@vta.org*.